Ang sinumang nag-ayuno sa landas ni Allah, maglalagay si Allah sa pagitan niya at ng Impiyerno ng isang kanal [na ang luwang ay] gaya ng sa pagitan ng langit at lupa.

Ayon kay Abū Umāmah, malugod si Allah sa kanya: "Ang sinumang nag-ayuno sa landas ni Allah, maglalagay si Allah sa pagitan niya at ng Impiyerno ng isang kanal [na ang luwang ay] gaya ng sa pagitan ng langit at lupa."
[Maganda] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy]

Sa ḥadīth na ito ay may paglilinaw sa kalamangan ng sinumang nag-ayuno ng isang araw na wagas na inukol sa ikasisiya ng mukha ni Allah yayamang iniligtas siya ni Allah mula sa Impiyerno at inilayo siya mula roon gaya ng layo ng langit sa lupa.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/6399